# MGA GRANT PARA SA PABAHAY AT PAGPAPAUNLAD NG LUNGSOD

**Naglalaan ng Abot-kayang Pabahay.**
**Nagbibigay ng Tulong sa Pabahay.**
**Nagpapatibay sa mga Lokal na Komunidad.**

Alam ba ninyo na nagtatalaga ang Lungsod ng Long Beach ng milyon-milyong pederal na dolyar kada taon upang mapaganda ang ating mga komunidad? Ginagamit ang pondo upang mamuhunan sa mga kapitbahayang naaapektuhan ng ekonomiya, at mga residente, at ibinibigay ito ng U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD, Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod ng U.S.).

LONGBEACH
COMMUNITY
DEVELOPMENT

# PAMUMUHUNAN SA ATING MGA KOMUNIDAD

Dahil sa malaking populasyon nito, ang Long Beach ay isang karapat-dapat na lungsod na kalipikadong makatanggap ng pondo ng HUD. Sa pamamagitan ng Community Development Department (LBCD, Kagawaran ng Pagpapaunlad sa Komunidad) nito, ginagamit ng Lungsod ng Long Beach ang pondong ito para sa iba't ibang programa at serbisyo na tumutulong na makapaglaan sa mga komunidad ng mas magagandang pabahay at akmang tirahan. Ipinamamahagi ang pondo sa pamamagitan ng tatlong programa ng grant:

- **Community Development Block Grant (CDBG, Perang Gawad ng Pambansang Gobyerno sa Lokal na Gobyerno para sa Pagpapaunlad sa Komunidad):** Nagbibigay ng pondo para sa mga aktibidad na nagpapaunlad sa komunidad, kabilang na rito ang mga proyekto ng pabahay, programang pangkabataan, pagpapaganda ng mga pampublikong impraestruktura, at marami pang iba.

- **Emergency Shelter Grant (ESG, Perang Gawad para sa Silungang Pang-emergency):** Nagpopondo sa mga programang naglalaan ng masisilungan at mga serbisyong pansuporta para sa mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tirahan.

- **HOME Investment Partnership Program (HOME, Programa ng Pakikipagtulungan para sa Pamumuhunan sa Tahanan):** Nagpopondo sa pagkuha, pagsasaayos, at pagtatayo ng mga proyekto ng mga abot-kayang pabahay na may maraming yunit sa buong lungsod upang makagawa at makapagpreserba ng mga abot-kayang pabahay.

# PAG-UNA SA MGA PANGANGAILANGAN NG KOMUNIDAD

**Mayroong limang pangunahing layunin para sa pondo ng HUD:**

1. Gumawa at magpreserba ng abot-kayang pabahay
2. Sumuporta sa mga aktibidad na tatapos sa kawalan ng tirahan
3. Bawasan ang pagkasira at patatagin ang mga kapitbahayan
4. Palawakin ang mga oportunidad sa ekonomiya
5. Magsulong ng mga opsiyon para sa patas na pabahay

## Nilikom na Plano sa Taong 2023-2027

Upang makatanggap ng mga grant ng HUD na makatutulong sa pagkamit ng limang layunin, dapat munang bumuo ang Lungsod ng panlimang taong Consolidated Plan (Nilikom na Plano). Ang Plano, na binuo sa pamamagitan ng isang prosesong may kolaborasyon at may input mula sa mga residente, grupo ng kapitbahayan, may-ari ng negosyo, at iba pang mga stakeholder, ay nagtatasa sa mga pangangailangan sa pagpapaunlad at pabahay sa komunidad, at tumutukoy sa mga programa at serbisyo na inuuna at pinopondohan ng mga grant ng HUD.

## Taunang Plano ng Pagkilos

Ang mga Annual Action Plan (Taunang Plano ng Pagkilos) ay nagbibigay ng maikling buod ng mga pagkilos, aktibidad, at partikular na pederal at hindi pederal na mapagkukunan ng tulong na gagamitin bawat taon upang matugunan ang mga priyoridad na pangangailangan at partikular na layuning tinutukoy sa Consolidated Plan.

## Nilikom na Taunang Ulat ng Pagganap at Ebalwasyon (CAPER)

Ang Consolidated Annual Performance & Evaluation Report (CAPER, Nilikom na Taunang Ulat ng Pagganap at Ebalwasyon) ay nagbabalangkas sa mga nakamit sa loob ng bawat Annual Action Plan at sa progresong nagawa tungo sa mga layuning tinutukoy sa Consolidated Plan.

# PAGTUTULUNGAN
# TUNGO SA PAGBABAGO

Ang LBCD ay nakikipagtulungan sa mga residente, may-ari ng negosyo, grupo at tagapagpaunlad ng kapitbahayan upang matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad sa pamamagitan ng mga serbisyo at programa na ibinibigay ng Kagawaran nang may suporta mula sa mga grant ng HUD tulad ng ipinakikita sa ibaba.

- **Abot-kayang Paupahang Pabahay**
- **Commercial Corridor Façade Improvement Program (Programa ng Pagpapaayos sa Harap ng Komersiyal na Koridor)**
- **Home Improvement Roof Grant Program (Programa ng Perang Gawad para sa Pagpapaayos ng Bubong ng Bahay)**
- **Neighborhood Leadership Program (Programa ng Pamumuno sa Kapitbahayan)**
- **Neighborhood Resource Center (Sentro para sa Mapagkukunan ng Tulong ng Kapitbahayan)**

Nakikipagtulungan din ang LBCD sa iba't ibang Kagawaran ng Lungsod at organisasyong nonprofit o hindi naglalayong kumita upang makapagpatupad ng mga karagdagang programa at aktibidad. Nakikinabang sa mga programang ito ang mga kapitbahayang may mababang income, at nakapagbibigay rin ito ng direktang benepisyo sa mga residenteng may mababang income, kung saan kabilang ang pagpapakumpuni ng mga bangketa, programang pangkabataan, at marami pang iba. Bisitahin ang longbeach.gov/hudgrants upang alamin pa ang tungkol sa mga aktibidad na pinopondohan at popondohan sa kasalukuyang taon ng pananalapi.

# AYON SA MGA NUMERO*

**1,597**
INDIBIDWAL ANG NATULUNGAN SA PAMAMAGITAN NG MGA SERBISYO NG PATAS NA PABAHAY

**93**
ABOT-KAYANG YUNIT NG PABAHAY ANG NAITAYO, 156 NA YUNIT ANG ITINATAYO, AT 486 NA YUNIT ANG NAAPROBAHAN

**410**
INDIBIDWAL ANG NABIGYAN NG MATUTULUYAN O MASISILUNGAN SA GABI

**33**
RESIDENTE NG LONG BEACH ANG NAKATAPOS SA NEIGHBORHOOD LEADERSHIP PROGRAM (PROGRAMA NG PAMUMUNO SA KAPITBAHAYAN)

**30**
APLIKASYON ANG PINROSESO PARA SA PAGPAPAAYOS NG BAHAY

**202**
SAMBAHAYANG MAY MABABANG INCOME ANG NABIGYAN NG PANSEGURIDAD NA DEPOSITO AT TULONG SA PAG-UPA

*Ang iniulat na mga datos ay para sa taon ng pananalapi na 2023 - 2024 (Oktubre 1, 2023 - Setyembre 30, 2024)

# MAKIPAG-UGNAYAN SA LBCD

**Affordable Housing Development**
**(Pagpapatayo ng Abot-kayang Pabahay)**
**562.570.6949**

**Pangunahing Linya para sa**
**Development Services**
**(Mga Serbisyo ng Pagpapaunlad/**
**Pagpapatayo)**
**562.570.LBCD (5223)**

**Neighborhood Resource Center**
**(Sentro para sa Mapagkukunan ng**
**Tulong ng Kapitbahayan)**
**562.570.1010**

**Long Beach Community Development**

411 W. Ocean Blvd., 3rd Floor
Long Beach, CA 90802

Bisitahin kami sa longbeach.gov/lbcd
Email kami sa lbcd@longbeach.gov

@LongBeachBuilds

Upang hilingin ang impormasyong ito sa alternatibong format o upang humiling ng makatwirang akomodasyon, makipag-ugnayan sa Community Development Department (Kagawaran ng Pagpapaunlad sa Komunidad) sa longbeach.gov/lbcd at sa 562.570.3807. Hinihiling na maglaan ng minimum na tatlong araw ng negosyo upang matiyak ang availability; pagsisikapang mapagbigyan ang mga hiling na naiparating sa loob ng mas maikling panahon.

03142025